


Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

**Home Economics – Modyul 5:
Nakalilikha ng Isang Malikhaing
Proyekto**



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan- Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Modyul 5: Nakalilikha ng isang Malikhaing Proyekto
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Jumyla-an O. Cogay
Editor: Idah M. Sayre, Jenita D. Guino, Gary B. Mosquito
Tagasuri: Annie Vir Dalanon-Tariao, Divina A. Rellesiva
Tagalapat: Junrell R. Lora
Tagapamahala:
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Lani H. Cervantes
Alejandro S. Almendras
Maria Pia B. Chu
Allan O. Celedonio
Imelda A. Amodia

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – SDO - Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 323 3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

**Home Economics– Modyul 5:
Nakalilikha ng Isang Malikhaing
Proyekto**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5- Home Economics ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto.**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras/panahon. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ang modyul na ito ay inihanda upang magamit ito ng mag-aaral sa kanilang tahanan sa panahong sila ay wala sa paaralan. Ang pagbibigay ng modyul na ito ay dapat alinsunod sa mga araling nakabatay sa Curriculum Guide ng Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5 (Home Economics).

Ang bawat gawain ay dapat suriing mabuti kapag natapos na ng mag-aaral ang modyul na ito bago ipagpatuloy ang pag-aaral at pagsagot sa susunod na modyul ng aralin.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5- Home Economics ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang pagkakataon sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Alamin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot ng may (100%), maaari mong laktawan o ipagpaliban ang bahaging ito ng modyul.



Balikan

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Pagyamanin

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isaisip

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o mga gawaing nakasusukat sa mga kaalaman ng mag-aaral sa aralin.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang mailapat ang bagong kaalaman

o kasanayan sa tunay na sitwasyon o pangyayari ng buhay.



Tayahin

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



Karagdagang Gawain

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



Susi sa Pagwawasto

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel o kwaderno sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Panatilihin ang katapatan sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago dumako sa iba pang pagsasanay.
6. Ibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



Alamin

Sa araling ito, ang paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mag-aaral ay makatuutlong upang mapaunlad ang pamumuhay ng mag-anak. Maari silang makabuo ng mga bagay na maaaring pagkakitaan sa simple o payak na paraan.

Ang kahusayan sa paggawa ng isang proyekto sa malikhaing paraan ay isang kaalaman na nagpapatunay na ang isang tao ay may kakayahang makabuo at makatuklas ng isang pamamaraan na kakailanganin sa pagsagawa ng kanyang planong proyekto.


Pagkatapos ng modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

Nakalilikha ng isang malikhaing proyekto.




Subukin


Tingnan ang larawan sa bawat bilang at alamin kung ano ang tawag sa mga kagamitang ito sa paglikha ng isang malikhaing proyekto. Isaayos ang mga titik sa loob ng kahon upang mabuo ang salita. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 


u	n	g	i	t	g	n
---	---	---	---	---	---	---

2. 


p	A	n	r	o
---	---	---	---	---

3. 


a	m	i	k	a	n	n	g		a	i	p	n	a	t	h
---	---	---	---	---	---	---	---	--	---	---	---	---	---	---	---

4. 


i	s	u	n	i	d	l
---	---	---	---	---	---	---

5. 


e	d	m	i	d	a
---	---	---	---	---	---

6. 

i	d	d	l	a
---	---	---	---	---

7. 

i	p	n		c	h	u	s	o	n	i
---	---	---	--	---	---	---	---	---	---	---

8. 

m	y	e	r	e		a	g	b
---	---	---	---	---	--	---	---	---

9.



u	r	l	r	e
---	---	---	---	---

10.



a	y	k	u	r	m	a
---	---	---	---	---	---	---



Mga Tala para sa Mag-aaral

Iwasto ang iyong sagot batay sa **Susi sa Pagwawasto** sa **Subukin** na nasa hulihan ng modyul na ito. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang modyul. Ngunit kung ikaw ay nakakuha ng iskor mula 0-9 (50-90%), kinakalangan mong magpatuloy sa pag-aaral at pagsagot sa mga gawain ng modyul na ito.

Aralin

1

Nakalilikha ng Isang Malikhaing Proyekto!

Sa araling ito, ang paglinang ng kaalaman at kasanayan ng mag-aaral ay makatutulong upang mapaunlad ang pamumuhay ng mag-anak. Sa paglikha ng mga malikhaing proyekto, maaring makabuo ng mga bagay na mapagkakakitaan sa simple o payak na pamamaraan.



Balikan

Natatandaan mo pa ba ang mga bahagi ng plano para sa paggawa ng proyekto? Alamin kung anong bahagi ang tinutukoy sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa kwaderno.

1. Ito ang pinakamahalagang bahagi sa paggawa ng proyekto. Dito nakasulat ang tawag sa binabalak gawing proyekto.
2. Sa bahaging ito isinasaad ang dahilan o pakay kung bakit gagawin ang proyekto.
3. Dito makikita ang kompletong listahan ng mga materyales at halaga sa pagbuo ng plano.
4. Sa bahaging ito ng plano malalaman ang pagkakasunod-sunod ng mga detalye sa pagbuo ng proyekto.
5. Makikita sa bahaging ito ang mga kasangkapang kailangan upang maisagawa ang proyekto.



Tuklasin

Naranasan mo na bang gumawa ng isang proyekto? Ito ba ay kapaki-pakinabang? Anong uri ng proyekto ang nagawa mo? Naipakita mo ba ang pagiging mapamaraan at pagkamalikhain sa paggawa nito?

Pag-aralang mabuti ang larawan sa ibaba.

Larawan A



Larawan B



Tanong:

1. Ano ang iyong masasabi sa larawan A? sa larawan B?
2. Alin sa dalawang larawan ang nagpapakita ng pagpapakita ng pagkamalikhain sa paggawa? Bakit?



Suriin

Isa sa mga proyekto na maaari mong gawin sa malikhaing paraan at mapagkakitaan ay ang paggawa ng apron. Ang apron ay isinusuot ng mga lalaki o babae kung sila ay nagluluto upang hindi madumihan ang kanilang damit. Sa araling ito, pag-aralan natin kung paano gagawin ang apron sa malikhaing paraan.

Pagsukat at Paggawa ng Padron

1. Gawing modelo ang iyong Nanay o nakatatandang kapatid. Kunan mo siya ng wastong sukat gamit ng medida.
 - a. Una, kunin ang sukat sa dibdib. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng dibdib at sa ilalim ng braso. Panatilihin ang likod ng iyong sinusukatan.
 - b. Pangalawa, sa baywang: Ilagay paikot ang medida sa pinakamaliit na bahagi ng baywang.
 - c. Pangatlo, sa balakang: Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng balakang.
 - d. Ikaapat, sa ulo: Ilagay paikot ang medida sa ulo.
 - e. Panghuli, kunin ang haba ng apron: Sukatin ang haba buhat sa kilikili hanggang sa laylayan ng damit at dagdagan ito ng 7 hanggang 8 cm.

2. Matapos kunin ang lahat ng sukat, gumawa ng padron para sa apron. Narito ang mga hakbang sa paghahanda ng padron.
 - a. Ihanda ang pattern paper na gagamitin.
 - b. Itupi ang papel nang pahaba.
 - c. Ilipat ang mga hinating sukat ng dibdib, baywang, at balakang.
 - d. Lagyan ng palatandaang letra ang mga bahagi para hindi ito magkapalit.

3. Ilapat ang padron at gupitin ang tela. Narito ang mga hakbang sa paglalapat ng padron sa tela:
 - a. Tiklupin ang tela sa gitna na nakaharap ang kabaligtarang panig o wrong side sa iyo.
 - b. Ilagay ang lahat ng padron o tularan sa ibabaw ng tela nang sama-sama upang matiyak na walang makakalimutang bahagi.
 - c. Lagyan ng aspile ang mga padrong inilagay sa ibabaw ng tela.
 - d. Gawing pahilis ang paglalagay ng aspile.
 - e. Ilipat at lagyan ng marka ng pagtatahian ang tela.
 - f. Gumamit ng tracing wheel o tracing paper.
 - g. Dagdagan ng 2 cm pasobra o allowance sa gilid.
 - h. Gupitin ang tela sa pamamagitan ng matalas na gunting.
 - i. Tiklupin ang bawat pirasong ginupit na kasama ang padron.
 - j. Itabi sa lalagyan.

Mga Hakbang sa Pagtatahi ng Apron

1. Gumawa ng tupi sa gilid ng laylayan. Sukatin ang $\frac{1}{2}$ cm para sa unang tupi at itupi muli ng 1 cm. Ingatan ang pagtutupi, lalong-lalo na sa kurbadong bahagi.
2. Ihilbana ang tupi at tahiin sa makina. Tastasin ang hilbana.
3. Gumawa ng pirasong tela para sa gagawing bias para sa kilikili.
4. Tupiin ang pirasong tela nang pahilis upang ang mga paayon at pahalang na sinulid ng tela ay magkahilera. Maaaring gumamit ng cardboard para sa sukatan.
5. Gumupit ng ilang pirapirasong bias ayon sa sukat ng bahaging kilikili. Paglapatin ang bias nang nakaharap sa isat-isa upang makabuo ng parisukat na anggulo. Ayusin at ihilbana.
6. Buksan ang pinagdugtungan upang matiyak na tuwid at maayos ang dalawang piraso. Tahiin sa makina. Iayos ang pinagdugtong-dugtong na bias sa kurbadang gilid ng kilikili. Maglaan ng $\frac{1}{2}$ pulgada sa magkabilang gilid ng bias para sa tuping gagawin. Itupi ng paloob.
7. Ihilbana ang bayas bago ito tahiin nang permanente sa makina. Baligtarin at ilapat muli sa bahagi ng gilid bago ihilbana sa apron.
8. Sukatin ang lapat na 1 cm at markahan ang tuping gagawin sa bias. Ihilbana muli bago tahiin sa makina. Gawin ang tupi sa taas ng apron. Sukatin nang may $1 \frac{1}{2}$ pulgada ang lapat nito. Gawin ang mga panahi ng apron.
9. Tupiin ang kahabaan ng tela sa gitna na magkaharap. Sukatin ang 1 cm sa gilid. Lagyan ng aspile bago ihilbana. Tahiin ito sa makina. Ilipat ang tinahing tupi sa gitna ng diinan. Tahiin din ang dulo upang sumara. Hayaang bukas ang kabilang dulo.
10. Baligtarin ang pananahi sa pamamagitan ng pagtulak ng saradong dulo. Ikabit ang tahi. Ilapat sa itaas ng sulok ng kabaligtaran ng apron ang dulo ng sinulid. Lagyan ng aspile bago ito ihilbana. Tahiin ito nang pahilis mula sa kanto upang magkaroon ng ekis.
11. Tahiin ang bulsa. Sukatin nang pantay-pantay ang mga gilid nito. Ihilbana bago tahiin sa makina.
12. Piliin ang pinakamahusay na lugar na paglalagyan ng bulsa. Iaspile at ihilbana. Tahiin sa makina. Tanggalin ang hilbana.
13. Ikabit ang magic tape na pandikit sa likod ng apron.
14. Lagyan ng mga palamuti o kakaibang desinyo upang maging kaakit-akit ang iyong ginawang apron.
15. Ang natapos na apron ay isusuot nang nakaekis ang mga panali sa likod.



Pagyamanin

Gawain 1.

Basahing muli at unawaing mabuti ang mga hakbang sa pagsukat at paggawa ng padron na nasa suriin. Tandaan ito at sagutin ang mga tanong sa pagtatasa 1.

Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay tumutukoy sa tamang paggawa ng padron at **Mali** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

- _____ 1. Kunin ang sukat sa dibdib. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng dibdib at sa ilalim ng braso. Panatilihing tuwid ang likod ng iyong sinusukatan.
- _____ 2. Pangatlo kunan ng sukat ay ang baywang. Ilagay paikot ang medida sa pinakamalaking bahagi ng baywang.
- _____ 3. Panghuli kunin ang haba ng apron: Sukatin ang haba buhat sa kilikili hanggang sa laylayan ng damit at dagdagan ito ng 7 hanggang 8 cm.
- _____ 4. Matapos kunin ang lahat ng sukat maari ka nang gumawa ng apron.
- _____ 5. Sa paglalapat ng padron sa tela, tiklupin ang tela sa gitna na nakaharap ang kabaligtarang panig o wrong side sa iyo.

Gawain 2.

Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung tama ang hakbang na tinutukoy sa pagtatahi ng apron at ekis (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa kwaderno.

- _____ 1. Gumawa ng tupi sa gilid ng laylayan. Sukatin ang $1/4$ cm para sa unang tupi at itupi muli ng 1 cm. Ingatan ang pagtutupi, lalong-lalo na sa kurbadong bahagi.
- _____ 2. Gumawa ng pirasong tela para sa gagawing bias para sa kilikili.
- _____ 3. Tupiin ang pirasong tela nang pahilis upang ang mga paayon at pahalang na sinulid ng tela ay magkahilera. Maaaring gumamit ng cardboard para sa sukatan.
- _____ 4. Gumupit ng ilang pirapirasong bias ayon sa sukat ng bahaging kilikili. Paglapatin ang bias nang nakaharap sa isat-isa upang makabuo ng parisukat na anggulo. Ayusin at ihilbana.
- _____ 5. Ihilbana ang bayas bago ito tahiin nang permanente sa makina. Baligtarin at ilapat muli sa bahagi ng gilid bago ihilbana sa apron.
- _____ 6. Tupiin ang kahabaan ng tela sa gitna nang magkakarap. Sukatin ang 2 cm sa gilid. Lagyan ng aspile bago ihilbana. Tahiin ito sa makina. Ilipat ang tinahing tupi sa gitna ng diinan. Tahiin din ang dulo upang sumara. Hayaang bukas ang kabilang dulo.
- _____ 7. Baligtarin ang pananahi sa pamamagitan ng pagtulak ng saradong dulo. Ikabit ang tahi. Ilapat sa itaas ng sulok ng kabaligtaran ng apron ang dulo ng sinulid.

- _____ 8. Tahiin ang bulsa. Sukatin nang pantay-pantay ang mga gilid nito. Ihilbana bago tahiin sa makina.
- _____ 9. Piliin ang pinakamahusay na lugar na paglalagyan ng bulsa. Iaspile at ihilbana. Tahiin sa makina. Tanggalin ang hilbana.
- _____ 10. Lagyan ng mga palamuti o kakaibang desinyo upang maging kaakit-akit ang iyong ginawang apron.

Gawain 3

Ngayong alam mo na ang mga hakbang sa paggawa ng padron at apron. Subukan mo itong isagawa. Gamit ang sukat na nakuha mo sa iyong Nanay o nakatatandang kapatid, gumawa ng apron gamit ang padron at iba pang gamit sa pagtatahi. Sundin nang maigi ang mga hakbang na iyong napag-aralan. Huwag kalimutan ang pagiging malikhain sa iyong paggawa.

Ngayon, tingnan natin kung maayos mong nagawa ang iyong padron at apron. Pamarkahan sa iyong Nanay o nakatatandang kapatid ang nagawa mong proyekto gamit ang rubriks sa ibaba.

Rubriks sa Paggawa ng Padron

Bilang	3	2	1	Iskor	Kabuuang Iskor
Kagamitan 10%	Ang mga kagamitan ay kumpleto at ginamit nang wasto	Kulang ng isang kagamitan ngunit wasto ang pag gamit	Kulang ang mga kagamitan at hindi wasto ang paggamit.		
Pamamaraan 60%	Tamang pag sunod sa pamamaraan	Ginamit nang wasto ngunit hindi nasunod nang tama.	Hindi na sunod nang tama ang pamamaraan.		
Sukat 20%	Nakuha ang tamang sukat	May ibang detalyeng hindi tama ang pagkakasukat	Hindi nakuha ang tamang sukat		
Bilis 10%	Natapos ang gawain nang mabilis	Natapos ang gawain sa takdang oras	Natapos ang gawain ngunit lumagpas sa itinakdang oras		

Rubriks sa Paggawa ng Apron

Bilang	3	2	1	Iskor	Kabuuang Iskor
Kagamitan 10%	Ang mga kagamitan ay kumpleto at ginamit nang wasto	Kulang ng isang kagamitan ngunit wasto ang paggamit	Kulang ang mga kagamitan at hindi wasto ang paggamit.		
Pamamaraan 60%	Tamang pag sunod sa pamamaraan	Ginamit nang wasto ngunit hindi nasunod nang tama.	Hindi na sunod nang tama ang pamamaraan.		
Padron 20%	Nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron	May ibang detalyeng hindi tama ang pagkakasukat, hugis at desinyo	Hindi nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron		
Bilis 10%	Natapos ang gawain nang mabilis	Natapos ang gawain sa takdang oras	Natapos ang gawain ngunit lumagpas sa itinakdang oras		



Isaisip

Ano ang kabutihang dulot ng paggawa ng isang proyekto sa malikhaing paraan?



Isagawa

Gamit ang mga nalalaman mo sa araling ito, gumawa ng isa pang malikhaing proyekto - Apron. Ipakita ito sa iyong guro sa susunod ninyong pagtatagpo.



Tayahin

Binabati kita! Ngayon nakagawa ka na ng isa pang malikhaing proyekto. Sukatin natin ang husay mo sa paggawa. Markahan ito gamit ang rubriks sa ibaba.

Bilang	3	2	1	Iskor	Kabuuang Iskor
Kagamitan 10%	Ang mga kagamitan ay kumpleto at ginamit nang wasto	Kulang ng isang kagamitan ngunit wasto ang paggamit	Kulang ang mga kagamitan at hindi wasto ang paggamit.		
Pamamaraan 60%	Tamang pag sunod sa pamamaraan	Ginamit nang wasto ngunit hindi nasunod nang tama.	Hindi na sunod nang tama ang pamamaraan.		
Padron 20%	Nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron	May ibang detalyeng hindi tama ang pagkakasukat, hugis at desinyo	Hindi nakuha ang tamang sukat, hugis at desinyo ng apron		
Bilis 10%	Natapos ang gawain nang mabilis	Natapos ang gawain sa takdang oras	Natapos ang gawain ngunit lumagpas sa itinakdang oras		



Karagdagang Gawain

Magsaliksik sa internet ng iba pang gamit pambahay na gusto mong gawing proyekto. Alamin ang mga hakbang sa paggawa nito at subukan mo itong gawin sa inyong bahay.



Susi sa Pagwawasto

Subukin

1. gunting
2. apron
3. makinang
4. sinulid
5. medida
6. didal
7. pin cushion
8. emery bag
9. ruler
10. karayum

Balikan

1. Pangalan ng Proyekto
2. Layunin
3. Talaan ng Materyales
4. Hakbang sa Paggawa
5. Talaan ng mga Kasangkapan

Tuklasin

Malayang makapagbigay ng sagot ang mag-aaral.

Pagymanin

Gawain 2

1. X	2. /	3. /	4. /	5. /
6. X	7. /	8. /	9. /	10. /

Gawain 3:
Batay sa rubriks

Pagymanin

Gawain 1

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Mali
5. Tama

Tayahin

Batay sa Rubriks

Sanggunian

Pantahanan at Pangkabuhayan 5, (*Home Economics*) p. 145-147

Curriculum Gide, EPP 5, EPP5HE-0g-18 (1.18.1), p. 26 of 45

<https://it.wikipedia.org/wiki/File:Fingerhut.jpg>

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph